






Ano ang Laman ng Kahon



Mini Router



Power Supply



Stand




#7 Wood Screw
(2x)



Mga Drywall Anchor
(2x)

Mga Inirerekomendang Tool



Drill



Drill Bit
5.5mm (7/32 in)



#2 Phillip's
Screwdriver




Marker



Level


138 mm
(5.4 in)



83.6 mm
(3.3 in)



27 mm
(1 in)




71.6 mm
(2.8 in)

1 | I-set up ang Starlink Mo

Magsimula sa pamamagitan ng pagtiyak na naka-set up ang Starlink at nakakonekta ito sa internet bago i-set up ang router mo.

Kumonekta sa existing Starlink WiFi network mula sa device mo.





2 | Ipuwesto ang mga Router

Ilagay ang router sa gusto mong lokasyon.

Inirerekomenda namin ang mga sumusunod na alituntunin sa pag-set up ng mesh network mo:

- **Para sa pinakamagandang performance, gumamit ng naka-wire na koneksyon sa pangunahing Starlink router o Starlink Mini mo.**
- Ilagay ang mga router nang hindi lalampas sa dalawang kwarto ang layo sa isa 't isa.
- Iwasan ang iba 't ibang nakaharang (hal.: mga pader at metal appliances)
- Ilagay sa mataas na ibabaw ang router, tulad ng sa isang istante.



Ulitin sa mga karagdagang mesh node.



3 | Pumili ng Paraan ng Pag-install

Piliin ang gusto mong paraan ng pag-install, alinman sa mesa o pader, at i-install ang stand.

Makikita ang higit pang impormasyon sa pag-install ng stand sa susunod na bahagi ng dokumento.





4 | Kumonekta sa Network

Ipasok ang power cable sa likod ng router at i-plug ang power supply sa power outlet. Mag-o-on ang LED na nagsasaad na naka-on ang unit.

Puwedeng i-mesh ang Starlink Router Mini sa kasalukuyang Starlink system mo (hindi kasama ang Gen 1 Router) nang naka-wire o wireless. Para sa naka-wire na koneksyon sa Starlink Mini Kit, gamitin ang 15m Mini Starlink Ethernet Cable. Kung kumokonekta sa isa pang Starlink router, gumamit ng RJ45 Cat5e o mas mataas pa. Para sa wireless na koneksyon, i-on ang router mo at sundin ang mga prompt sa app.


Makikita ang higit pang impormasyon tungkol sa naka-wire at wireless na pag-mesh sa susunod na bahagi ng dokumento.



GABAY SA WIRED MESH

1. I-set up ang Starlink Kit mo gaya ng ipinapakita sa mga instruction sa pag-install at tiyaking naka-online ka.
2. Ilagay ang Starlink Router Mini mo sa gusto mong lokasyon at ikonekta sa power supply.
3. I-plug ang ethernet cable sa LAN port sa likod ng kasalukuyang Starlink router mo o Starlink Mini. Para sa Gen 3, kakailanganin mong alisin ang protective cover para ma-access ang mga port.
4. Padaanin ang ethernet cable mula sa pangunahing router papunta sa Starlink Router Mini mo. Kumonekta sa WAN port ng router mo (simbolo ng Starlink) para gumawa ng naka-wire na mesh network.
5. Ulitin sa mga karagdagang mesh node.

GABAY SA WIRELESS MESH





1. Tiyaking naka-set up at nakakonekta ang Starlink Kit mo sa internet bago idagdag ang mga mesh node mo.
2. Maghanap ng mga angkop na lokasyon para sa pag-install ng mga mesh node mo at i-plug ang mga ito sa mga outlet ng kuryente.
3. Buksan ang Starlink App.
4. Maghintay nang 1-2 minuto bago lumabas sa app ang abiso na "(Mga) Bagong Mesh Node".
5. Kung hindi lumilitaw ang notification sa app, subukang iposisyon ang router mo nang mas malapit sa pangunahing router mo.
6. Pindutin ang "Pair" o "Pair All". Magsisimulang kumonekta ang (mga) node sa "Network" screen. Tatagal nang tinatayang 1-5 minuto ang koneksyon.
7. Ulitin sa mga karagdagang mesh node.

PAG-INSTALL SA ROUTER STAND


1 | Markahan at I-drill ang Mga Mounting Hole

Gamitin ang mount bilang gabay para markahan ang mga lokasyon ng butas, pagkatapos ay mag-drill gamit ang 5.5mm (7/32 in) drill bit.



2 | I-screw ang Mount sa Surface

I-install ang mga drywall anchor sa mga butas, pagkatapos ay i-secure ang Mount gamit ang mga ibinigay na turnilyo.



3 | I-install ang Router sa Mount

I-snap nang mabuti ang router sa stand na naka-wall mount na tinitiyak na naka-flush ang produkto kapag ganap nang naka-install ito.

